MALAY 34(1) December 2021, pp. 47–64

# Bakit Dapat Manaliksik sa Filipino Ang Mga Pilipino?: Kritik sa Scopus-sentrismo ng Mga Unibersidad at Ahensiyang Pang-Edukasyon at/o Pampananaliksik sa Pilipinas /

# *Why Filipinos Should Write Researches in Filipino?: A Critique of Scopus-Centrism in Philippine Universities and Educational and/or Research Agencies*

David Michael San Juan
Pamantasang De La Salle, Maynila
david.sanjuan@dlsu.edu.ph

Ang Scopus ay isang database ng mga piling journal na itinuturing nilang de-kalidad/de-kalibre. Pag-aari ito ng Netherlands-based na kumpanyang Elsevier, at isa rin sa mga karaniwang batayan ng mga panukatan (*metrics*) sa mga pagraranggo ng mga unibersidad sa buong daigdig. Bunsod ng nabanggit na realidad, kapansin-pansin ang pag-iral ng Scopus-sentrismo—ang pagkiling sa Scopus bilang isa sa mga pangunahing batayan ng de-kalidad na saliksik – sa mga polisiya ng mga unibersidad sa bansa at ng mga ahensiyang pang-edukasyon at/o pampananaliksik. Sa ganitong konteksto, layunin ng papel na ito na 1) makapagbigay ng makabuluhang impormasyon tungkol sa Scopus at sistema ng mga database ng abstrak at citation; 2) mailarawan ang pangingibabaw ng Scopus-sentrismo (lubos na pagpabor/pagkiling sa Scopus bilang pamantayan ng mahusay at tinatanggap na saliksik) sa mga ahensiya ng gobyerno at mga unibersidad sa bansa; at 3) makapagbigay ng kritik sa Scopus-sentrismo sa Pilipinas. Sa pangkalahatan, replikasyon ito ng kahawig na pag-aaral ni Ramon Guillermo hinggil sa Institute for Scientific Information o ISI, na inilathala ng Asian Studies noong 2000.

**Mga Susing Salita:** Scopus, saliksik sa Pilipinas, Filipino bilang wika ng saliksik, hegemonya ng Ingles, neokolonyalismo

*Scopus is a corporate-owned database of selected journals which they consider as high-quality/top-caliber. It is owned by the Netherlands-based company Elsevier, and among the typical bases of metrics used in global university rankings. As a result, Scopus-centrism persists in the policies of Philippine universities and Philippine educational and/or research agencies. In view of this, this paper is aimed at fulfilling the following objectives: 1) present a critical introduction on Scopus and similar systems of abstract and citation databases; 2) describe the dominance of Scopus-centrism among public agencies and universities in the Philippines; and 3) present a critique of Scopus-centrism in the Philippines. In general, this is a replication of Ramon Guillermo's earlier study on Institute for Scientific Information or ISI, published by Asian Studies in 2000.*

***Keywords:*** *Scopus, research in the Philippines, Filipino as a language of research, hegemony of English, neocolonialism*

Copyright © 2022 by De La Salle University

## PANIMULA: PRESYUR SA MGA GURO NA MAGLATHALA SA SCOPUS

Kapansin-pansin ang pagnanais ng mga guro na maglathala sa mga journal na nakatala o indexed sa Scopus bunsod ng presyur ng kani-kanilang mga paaralan/unibersidad na ginagamit na pamantayan o isa sa mga pamantayan para sa promosyon ng guro ang paglalathala ng mga artikulo sa nasabing database, at madalas ay nagbibigay rin ng insentibong pinansiyal para sa mga gurong nakapaglathala roon. Sa mga sirkulo ng akademya mismo, ang paglalathala sa mga journal na nakatala sa Scopus ay itinuturing na sukatan ng academic productivity (Saloma 122–123; Carpenter et al.) at research impact (Carpenter et al.). Gayunman, bihira sa mga administrador ng unibersidad ang nagbibigay ng sapat na impormasyon tungkol sa Scopus at iba pa, at lalong hindi rin sila nagbibigay ng makabuluhang paliwanag kung bakit mahalaga ang paglalathala sa mga gayong journal kahit para sa mga guro ng Filipino na higit na inaasahang mag-aambag sa produksiyon ng kaalamang lokal bago ang anupamang konsiderasyon sa kakayahang makipagkompitensiya sa daigdig (ang gasgas na pariralang "global competitiveness"). Sa ganitong diwa, kinakailangang kritikal na suriin ang namamayaning Scopus-sentrismo sa akademya.

### Kritikal na Pagpapakilala sa Scopus at Scopus-Sentrismo

Mababasa sa website mismo ng Elsevier, kompanyang Netherlands-based na may-ari ng Scopus, ang paglalarawan sa nasabing database bilang "... largest abstract and citation database of peer-reviewed literature: scientific journals, books and conference proceedings" ("About"). Sa simpleng salita, ang Scopus ay entidad na nagtatala at nagraranggo ng mga piling akademikong journal sa buong mundo, batay sa kanilang pamantayan ng de-kalidad/de-kalibreng saliksik. Ang minimum na "journal selection criteria" ng Scopus ay mababasa rin sa mismong website ng Elsevier, gayundin ang limang (5) kategorya at kraytirya sa ebalwasyon ng journal para sa Scopus (tingnan ang Talahanayan 1). Bunsod ng malinaw na kraytirya sa pagsala ng Scopus sa mga journal, hindi kataka-taka na ginagamit ng ilang pamantasan ang paglalathala sa Scopus bilang proxy indicator ng kalidad ng mga awtput ng kanilang mga guro. Gayunman, may mga unibersidad din na ang pagsala sa kalidad ng kanilang mga publikasyon ay ibinabatay sa internal na kalakasan o kahinaan ng bawat awtput mismo. May mga unibersidad din na nagtatakda ng pagiging refereed o peer-reviewed ng awtput bilang minimum na kahingiang inaasahan para sa de-kalidad na saliksik.

| Category | Criteria |
|---|---|
| Journal Policy | Convincing editorial policy<br>Type of peer review<br>Diversity in geographical distribution of editors<br>Diversity in geographical distribution of authors |
| Content | Academic contribution to the field<br>Clarity of abstracts<br>Quality of and conformity to the stated aims and scope of the journal<br>Readability of articles |
| Journal Standing | Citedness of journal articles in Scopus<br>Editor standing |
| Publishing Regularity | No delays or interruptions in the publication schedule |
| Online Availability | Full journal content available online<br>English language journal home page available<br>Quality of journal home page |

**Talahanayan 1.** Kategorya at Kraytirya sa Ebalwasyon ng Journal para sa Scopus

Bukod sa Scopus, ang Web of Science ang isa pang kilalang database ng mga saliksik sa buong mundo. Ang Web of Science ay naging pag-aari ng Clarivate Analytics mula Oktubre 2016 hanggang sa kasalukuyan. Stock-listed ito sa New York Stock Exchange bilang CLVT; Thomson Reuters ang dating may-ari, at nagsimula bilang Institute for Scientific Information/ISI kaya kilala rin bilang Thomson ISI mula 1992–2016. Kaugnay ng Thomson ISI, kinuwestiyon at mariing tinutulan ng pananaliksik ni Guillermo ang lubos na pagbibigay-importansiya ng mga administrador ng premier state university sa ISI bilang halos tanging arbiter ng de-kalidad na saliksik sa kabila ng Kanluraning oryentasyon nito na malayo sa realidad at mga konsern ng isang bansang dating

kolonya. Ang gayong kritika ay balido rin kung ilalapat sa Scopus-sentrismo, gaya ng ilalahad sa papel na ito.

Ipinakikita ng mga ahensiya at mga unibersidad sa bansa ang pagiging Scopus-sentriko sa pamamagitan ng apat na pangunahing aksiyon: 1) pagbibigay ng incentive sa mga awtor na naglalathala sa mga journal na nakatala sa Scopus; 2) pagbibigay ng grant sa mga publisher ng mga journal na nakatala sa Scopus; 3) pagbibigay ng grant sa mga publisher ng mga journal na dinedebelop para makabilang sa listahan ng Scopus; at 4) pagbanggit sa Scopus bilang isa sa mga pangunahing batayan ng pamantayan sa de-kalidad/de-kalibreng saliksik.

Ang Department of Science and Technology (DOST) ang isa sa mga ahensiya ng gobyerno na regular na nagbibigay ng incentive sa mga naglalathala sa Scopus. Makikita sa website ng National Academy of Science and Technology (NAST) ang ganitong impormasyon hinggil sa DOST International Publication Award: "given annually to scientists and researchers of the Department of Science and Technology (DOST) who were able to publish their research outputs in Web of Science/Clarivate Analytics or Scopus indexed journals..." Sa iskemang ito, **40,000–100,000 piso kada papel** ang maaaring matanggap ng nominado. Bukod dito, ang Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD)—na isang ahensiya ng DOST—ay may Publication Incentives Program din na may ganitong layunin: "promotes scientific productivity by motivating researchers, authors, and PCAARRD staff to publish their research results in local refereed and/or international journals indexed by Thomson Reuters (ISI) or Scopus or accredited/recognized by the Commission on Higher Education (CHED)..." Mula **60,000–80,000 piso** kada papel ang maaaring makuha ng awtor sa programang ito.

Ang National Research Council of the Philippines (NRCP) naman ay may programang Support to Research Dissemination in Local and International Platforms (RDLIP) na sumasaklaw sa Financial Grant for Publication in ISI or Scopus indexed journals—na nagkakahalaga naman ng **20,000 piso kada indibidwal**. Samantala ang Commission on Higher Education (CHED) naman ay may CHED Research and Publication (REPUBLICA) Awards alinsunod sa CHED Memorandum Order/CMO No. 23, S. of 2013. Saklaw ng REPUBLICA Qualifier Awards ang "ISI/SCOPUS-indexed journal" na tinatapatan nito ng **50,000 piso kada papel**. Gayunman, pansamantalang inihinto ng CHED ang REPUBLICA Awards as of March 1, 2018, batay sa memorandum ng CHED na may petsang February 12, 2018. Gaya ng mga ahensiyang pang-edukasyon at/o pampananaliksik, nagpapaligsahan din ang mga unibersidad sa pagbibigay ng incentive sa kanilang mga guro na naglalathala sa mga journal na nakalista sa Scopus gaya ng ipinakikita sa Talahanayan 2.

Malaki ang posibilidad na dumami pa ang mga ganitong incentive dahil ang mismong CHED ay may malinaw ring direksiyong Scopus-sentriko, gaya ng pinatutunayan ng pagbibigay nila ng incentive sa mga publisher ng mga journal na nakatala sa Scopus o kaya'y dinedebelop para makasama sa listahan nito. Ipinatupad ng nasabing ahensiya ang CHED Journal Incentive Program (JIP) alinsunod sa CMO No. 53, S. of 2016. Saklaw nito ang Journal Challenge (JC) at Journal Incubation (JI). Ang JC ay para sa mga journal na nasa Scopus o Web of Science na, habang ang JI naman ay para sa mga journal na dinedebelop para makasama sa listahan ng Scopus o Web of Science. Batay sa nasabing CMO, 500,000 piso kada taon sa loob ng tatlong taon at suportang teknikal ng CHED ang natanggap ng bawat JI grantee, at 400,000 piso kada taon naman sa loob ng tatlong taon at suportang teknikal ng CHED ang natanggap ng bawat JC grantee.

Mula December 1, 2018, pansamantalang inihinto ng CHED ang JIP, alinsunod sa memorandum na may petsang November 29, 2018. Sa pamamagitan ng isang publikong Freedom of Information (FOI) request na ipinadala sa CHED noong Mayo 17, 2021 ay sinubukan ng awtor na kumpirmahin kung magkano ang aktuwal na pondong ibinigay sa bawat CHED-JIP grantees na nakatala sa CMO No. 50 & 66 s. 2017. Sa halip na magbigay ng deretsong sagot ay inulit lamang ng FOI officer sa korespondensiyang may petsang Mayo 27, 2021 ang publikong impormasyon na nasa CMO 53, S. of 2016. Idinagdag pa ng nasabing FOI officer na "(t)he grants for 3 years for each grantee are subject to submission of deliverables/targets listed in the CMO." Mababasa sa website ng Freedom of Information Philippines ang detalye at thread ng nasabing FOI request.

Bukod sa Scopus-sentrikong tulong pinansiyal ng CHED at mga cash incentive ng mga ahensiya at ng mga unibersidad, isa pang ebidensiya ng Scopus-sentrismo ang pagbanggit sa Scopus bilang isa sa mga pangunahing batayan ng pamantayan sa de-kalidad/de-

| **Institusyon** | **Detalye ng Insentibo** | **Halaga ng Insentibo**[1] |
|---|---|---|
| Unibersidad ng Pilipinas (UP) | UP System International Publication Award para sa guro, mananaliksik, estudyante na nakapaglathala sa "Thomson Reuters-listed or SCOPUS-listed) journals." | 55,000–80,000 piso kada papel |
| Ateneo de Manila University (ADMU) | University Scholarly Publication Awards | 30,000–65,000 piso kada papel |
| De La Salle University (DLSU)-Manila | Science Foundation Publication Incentives (magkakaiba ng halaga depende sa tier ng Scopus-listed journal sa Scimago) | 20,000–200,000 piso kada papel |
| University of Santo Tomas (UST) | International Publications Award para sa "…all full time faculty members teaching only in UST for the publication of their research outputs in journal/s and books indexed in the Web of Science/ Scopus." | 50,000 piso kada papel |
| Batangas State University (BatSU) | Research Publication Incentive na "… applicable to research papers authored or co-authored by BatStateU faculty researchers or personnel, published in regional, national or international refereed journal accredited by the Commission on Higher Education and / or SCOPUS or ISI indexed." | 30,000 piso kada papel |

**Talahanayan 2.** Insentibo ng Piling Unibersidad sa Paglalathala sa Scopus-Indexed Journals

kalibreng saliksik. Sa website ng CHED, mababasa ang ganitong Scopus-sentrikong pagsusuri sa sitwasyon ng saliksik sa bansa, na ginagamit ding justification ng ahensiya para lalong isulong ang Scopus-sentrismo: "…in 2015, only 28 out of 777 (3.6%) Philippine scientific and scholarly journals were able to make it into the prestigious international collections of journals of Thompson Reuters' Web of Science (WoS) and Elsevier's Scopus which proves that the country is far behind in science publishing compared to its Asian neighbors and the rest of the world. CHED believes that the inclusion of scholarly and scientific writings in these collections is not just a mark of achievement but is also a factor in considering in terms of tenure, promotion and other scholarly recognitions."

Isa naman sa deklaradong layunin ng Research Management Office ng PUP ang pagpaparami ng mga artikulong nalathala sa Scopus: "To exponentially increase the CHED-recognized/ISI/Scopus-indexed research presentation and publications of all faculty and employees in all campuses and branches of the University." Kahawig ito ng deklaradong layunin ng University Journal Publication (UJP) ng Bulacan State University/BulSU: "This journal aims to upgrade itself as a Philippine journal towards the path to meet even just the minimum generally accepted standards for Scopus, Web of Science indexability, and ASEAN Citation Index."

Mula naman sa publikong University Research Agenda ng DLSU–Dasmariñas ay makikita ang ganitong Scopus-sentrikong deklarasyon: "In the past five years, there has been a dramatic increase in the number of publications by the university's faculty researchers in journals that are listed in Thomson Reuters and SCOPUS…it is now the goal of the university to raise its publication performance..."

Hindi kataka-taka na isa sa mga konsiderasyon ng mga unibersidad ang Scopus sa kanilang mga adyendang pampananaliksik dahil na rin sa ang mga pinapanginoong university rankings ay palasamba rin sa Scopus-sentrismo. Halimbawa, sa "THE World University Rankings 2020: methodology," direktang binabanggit na ang database ng Scopus ang pangunahing sanggunian sa pagsukat ng produktibidad sa saliksik ng mga unibersidad na iniraranggo. Ang karibal nilang QS ay gayundin ang sinasabi sa kanilang "QS World University Rankings–Methodology" (isa sa metrics o panukat nila ng kalidad ang "Citations per

faculty") na ang datos ay mula rin sa Scopus.

Alinsunod sa isinagawang pagsipat sa mga dokumento, malinaw na ang Scopus ay preperensiya ng CHED, NRCP, DOST atbp. ahensiya ng gobyerno. Malinaw na preperensiya rin ito ng mga nangungunang unibersidad sa bansa. Bunsod nito, unti-unting nagiging preperensiya, kung hindi man isa sa pangunahing pamantayan ng maraming unibersidad sa Pilipinas ang paglalathala sa mga journal na nakalista sa Scopus at mga kagayang entidad (lalo na ang sa Clarivate Analytics o ISI), para sa incentive sa kanilang mga guro o kaya'y para sa promosyon/pag-aangat ng ranggo nila.

## Sipat-Polisiya sa CHED JIP: Case Study sa Problematikong Scopus-Sentrismo

Bilang isang mini case study sa problematikong Scopus-sentrismo ng akademya at mga ahensiya sa Pilipinas, pahapyaw na susuriin sa bahaging ito ang CHED JIP na nagbigay ng malaking cash incentive sa mga journal na kasalukuyan nang nasa Scopus. Unang lohikal na tanong na dapat sagutin ng CHED ang hindi ba mas mainam kung ang limitadong resorses ay ilaan na muna sa mga journal na dinedebelop para makasama sa listahan ng Scopus, kung tatanggapin na nga na ito ang batayan ng de-kalidad na saliksik. Gayunman, dapat linawin sa puntong ito, na mabulas pa rin ang debate sa akademya tungkol dito, kaya di rin dapat ilagak sa Scopus-sentrikong polisiya ang pera ng Pilipinas. Gayundin, hindi ba mas mainam na maglaan din muna ng resorses para sa pagpaparami at pagpapabuti ng kalidad ng mga journal na relatibong mas bagito at/o pinatatakbo ng mga samahang propesyonal na walang (masyadong) pondo, sa halip na itanghal at bigyan ng karagdagang ayuda ang mga journal na kahit paano'y may sapat nang pondo para sa episyenteng operasyon kaya nakalista na nga sa Scopus at kung gayon ay hindi naman nangangailangan ng agarang tulong mula sa mga ahensiya.

Ang pagiging problematiko ng CHED JIP ay lalong malalantad kung sisipatin ang isang journal na naging CHED JIP-JI grantee, sa kabila ng ilang red flag na madaling makikita sa pamamagitan lamang ng pagsipat ng mga publikong impormasyon. Ang CHED-JIP grantees ay mababasa sa CMO No. 50, s. 2017 (Batch 1) at CMO No. 66, s. 2017 (Batch 2). Ang Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research (APJMR) ay kasama sa Batch 1 ng CHED JIP-JI grantees. Ito ang kaisa-isang CHED-JI grantee na nasa Beall's list (https://predatoryjournals.com/journals/). Nakalista rin ito sa "predatory journals" sa database ng Research and Initiative Center (RIC) ng Prince Sultan University (Saudi Arabia): https://ric.psu.edu.sa/predatory.php. Gayundin, nakalista rin sa "JURNAL YANG TIDAK DIIKTIRAF" ("Unrecognized Journals") sa database ng Universiti Kebangsaan Malaysia: https://www.ukm.my/fep/wp-content/uploads/2018/03/JURNAL-YANG-TIDAK-DIIKTIRAF.pdf.

Sa kompletong single file ng Volume 3, No. 3 (August 2015) issue nila (na available sa website ng Universitas Negeri Yogyakarta o Yogyakarta State University pero hindi sa kasalukuyang official website ng APJMR), deretsahang nakalagay ang ganitong polisiya ng paniningil ng publication fee (vi): "Publication Fee. Article Online publication fee is PhP 2,000 (for Filipino Authors) and USD70 (for foreign authors) per paper not more than 5000 words for both single and multiple authors. Fee for each additional word is USD0.02. If the paper is accepted for publication, you will be asked to pay Article Publication Fee and an optional payment of PhP 800 (for Filipino Authors) and USD80 (for foreign authors) for Printing and Shipping of the Journal per copy."

Noong c.2014, sa isang lumang opisyal na website (Google site) ng APJMR ay nakalagay rin ang kahawig na deklarasyon ng paniningil ng "Publication Fee": "If the paper is accepted for publication, you will be asked to pay article publication fee of PhP 1,800 (for Filipino Authors) and USD50 (for foreign authors) per paper not more than 5000 words for both single and multiple authors. Fee for each additional word is USD0.02. An optional payment of PhP700.00 (Filipino Authors) and USD70 (Foreign Authors) for Printing and Shipping of the Journal per issue…You can also send your payment through PayPal using the Account Name:…with additional charge of US$5 with the total of US$55 for online publication and US$125 for Online and Print" ("PUBLICATION CHARGES").

Kung isasaalang-alang na university-affiliated ang journal batay sa database ng ISSN, walang pangangailangang maningil sila ng publication fee dahil may pera ang unibersidad nila. Sa huling check, hanggang sa August 2020 issue nila ay nakalagay pa rin sa opisyal na website ng APJMR na sila ay "Commission on Higher Education Recognized Research Journal Incubation Grant for 2017–2019", bagama't mula November 29, 2018 ay nag-isyu na

ng memo ang CHED para ideklarang ang CHED-JIP ay "temporarily placed on hold starting December 1, 2018." Walang publikong sanggunian na magpapakita kung ibinigay sa pangasiwaan ng journal na ito ang buong 400,000 piso kada taon na alokasyon para sa bawat CHED JI grantees (kabuuang 800,000 piso dahil inihinto ang programa sa pangalawang taon nito), pero may sapat na ebidensiya para ipagpalagay na natanggap nga nila ang alokasyon gaya ng pagbandera ng grant sa kanilang website (tingnan ang Pig. 1). Ang pagiging CHED JI grantee ay awtomatikong nagbigay-prestihiyo sa nasabing journal—na isang posibleng dahilan ng malawak na readership nito sa isang lokal na database (tingnan ang Pig. 4), at natural na may hikayat din sa mga gurong nagbabalak magsumite ng artikulo rito.




**Pig. 1.** Screenshot ng Pagbandera ng Pagiging CHED JI Grantee ng APJMR sa August 2020 Issue Nito (Pinagkunan: "Current Issues." APJMR, 2020. Web. 04 June 2021.)

Red flag din na may mga journal article na tungkol sa Tanzania, Nigeria, Kenya, atbp. bansa, gayong ang pangalan ng journal ay hindi sumasaklaw sa kontinenteng Africa (bagama't may mga pangalang nasa "editorial board" na mula sa ilang bansa sa Africa). Wala ring deklaradong pokus sa paksa at eryang heograpikal sa "Author Guidelines" (tila kahit anong paksa at kahit saang bansa galing ay maaari nilang tanggapin, kung pagbabatayan ang kawalan ng detalye sa aspektong ito). Sa kabila ng mga red flag na ito, indexed pa rin ang journal na ito sa ASEAN Citation Index (isang prestihiyosong citation index; parang Scopus din kumbaga, pero pang-Timog-silangang Asya) hanggang ngayon.

Ang red flags na nakita sa pagsusuri sa impormasyong available kaugnay ng APJMR ay patunay na walang perpektong proseso ng pagsala/pagpili ng mga journal para sa mga database, programa, grants, atbp. Kung nangyayari ito sa mga pinipili ng isang pambansang ahensiya, maaaring mas malaki ang tsansa na mangyari rin ito sa mas malalaking database. Samakatwid, hindi dapat basta-basta sumampalataya sa mga database—malaki man o maliit. Sa halip, mas mainam na suriing mabuti ang bawat journal na pagpapasahan.

### Pangkalahatang Puna Blg. 1 sa Scopus-sentrismo: Western-sentriko

Maging ang mga mananaliksik sa mga institusyong maituturing na Scopus-sentriko batay sa mga incentive sa mga guro na naglalathala sa Scopus ay may kritik sa pangingibabaw ng Scopus-sentrismo. Halimbawa, tahas na pinuna ng isang multidisiplinaring pangkat ng mga mananaliksik mula sa De La Salle University ang pagiging Western-sentriko ng Scopus—sina Dr. Jose Isagani Janairo, Dr. Charibeth Cheng, Dr. Nelson Arboleda, Jr., at Dr. Feorillo Demeterio III—sa isang artikulong inilathala sa Times Higher Education: "…most of research-oriented universities rely on giant citation indices, such as Web of Science (WoS) and Scopus, in measuring their research productivities and in identifying research journals to which their faculty members should publish...the team raised the question of why Filipino researchers are forced to publish in such journals, considering that these might have issues and concerns totally different from that of the local journals." Ang saliksik nina Erfanmanesh, Tahira, & Abrizah (425) ay nagbigay ng ganitong kantitatibong ebidensiya sa gayong puna sa Scopus-sentrismo: "The journals are predominantly from Western Europe (48.9%) and North America (27.7%), with the United States and the United Kingdom dominate with a total of 11,522 (51%) journals" (tingnan ang Pig.2).

Ang naunang kritika ni Guillermo (147) sa ISI ay aplikable pa rin sa Scopus sa pangkalahatan: "Matutulungan ba ang pagpapaunlad ng agham sa mga bansang tulad ng Pilipinas kung ang mga pangunahing direksiyon ng siyentipikong pananaliksik ay yaong naitakda at itinatakda ng mga bansang nakapangyayari sa daigdig?...Wala nang iba pang grupo ng mga syentista't dalubhasa kundi mga Pilipinong akademiko rin ang lalong makapaghuhusga, hindi lamang sa husay, kundi ng kabuluhan, ng alinmang pananaliksik na ginagawa dito sa Pilipinas, kung hindi man hinggil mismo sa Pilipinas…Klasikong sintomas ng kaisipang kolonyal ang palaging paghahanap ng basbas ng mga dating Panginoong Kolonyal sa lahat ng mga 'katutubong' gawaing intelektuwal."

| No. | Publishing country | No. of journals (2014) | % Growth 2005–2014 |
|---|---|---|---|
| 1 | US | 6046 | 12.95 |
| 2 | UK | 5476 | 39.16 |
| 3 | Netherlands | 1847 | 29.70 |
| 4 | Germany | 1341 | 30.83 |
| 5 | China | 594 | 21.72 |
| 6 | France | 577 | 22.24 |
| 7 | Italy | 501 | 51.82 |
| 8 | Japan | 500 | 12.61 |
| 9 | Spain | 467 | 125.60 |
| 10 | India | 452 | 131.80 |

**Pig. 2.** Mga Nangungunang Bansa sa Dami ng Journal na Scopus
(Pinagkunan: Erfanmanesh, Tahira, & Abrizah 426)

## Pangkalahatang Puna Blg. 2 sa Scopus-sentrismo: English ang dominanteng wika sa Scopus

Pinatutunayan ng mga umiiral na saliksik na English ang dominanteng wika sa Scopus (van Weijen; Moskaleva & Akoev, 1 at 5; Vera-Baceta, Thelwall, & Kousha, 1806). Sa ngayon, 7.9 bilyon ang tao sa mundo (Worldometers) at 1.35 bilyong tao ang nagsasalita ng Ingles (Ethnologue). Kung susumahin gamit ang datos ng Worldometers at Etnologue, 17% ng mga tao sa buong mundo ang nagsasalita ng English, samantalang ayon kay van Weijen, 80% ng mga journal sa Scopus ay Ingles. Sinusuportahan nito ang isa sa findings nina Moskaleva & Akoev (1–5) tungkol sa kawalan ng korelasyon ng mga nangungunang wika sa daigdig at ng mga dominanteng wika sa Scopus.

Sa pangkalahatan, masama ang hegemonya ng Ingles sa mga journal, kung isasaalang-alang na dagdag-pabigat ang presyur na magsulat din o mas malala, magsulat lang, sa Ingles, para sa mga intelektuwal na Pilipino na hindi naman ito ang unang wika. Bukod dito, dagdag-gastos din ang gayong pagkiling sa Ingles, gaya ng binigyang-diin nina Curry & Lillis: "…achieving these valued English-medium publications adds burdens to the work of many multilingual scholars. And no, they can't just get their work translated—even if scholars have funds for translation (which is expensive), it's virtually impossible for most scholars to find translators who have a high level of academic English and know both the disciplinary content and the rhetorical conventions of academic journal articles...policy makers and administrators often lack an understanding of what's needed for English-medium publishing: financial resources to conduct research and attend conferences to share knowledge and build networks, time to write, and funds to pay for editing support for English text production."

Idinagdag pa nila na ang hegemonya rin ng Ingles ang salarin sa pagkawala ng kaalamang lokal sa wikang lokal at pangunahing dahilan din ng elitistang saliksik na nakahiwalay sa komunidad sapagkat nakasulat sa wikang dayuhan: "Another consequence of the global push to publish research in English is the loss of knowledge locally, as it may not also become available in local languages given the taboo against "dual publishing" of research. Not all local scholars or students speak or read English, so exporting research produced in local contexts for global, English-speaking audiences may hinder the development of local research cultures and societies more broadly. And while English has long been the dominant (but not only) language in scientific journals, pressures for English are now reaching social sciences and humanities scholars. As a result, scholars who write about, for example, Hungarian history are now being pushed to publish in English, even though a large part of their research community is likely to be local or regional." Sa Pilipinas, katumbas ito ng mga mananaliksik na Pilipino na naoobligang sa Ingles magsulat kahit ang paksa nila ay tungkol sa buhay-katutubo sa Pilipinas o buhay at pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka, halimbawa—mga paksang higit na dapat isulat sa wikang sarili kung ang pangunahing layunin sa pananaliksik ay pag-aambag sa mismong komunidad na pinanggalingan ng datos. Higit na apektado ng ganitong realidad ang mga mananaliksik sa siyensiya at teknolohiya na Ingles na rin halos ang awtomatikong ginagamit sa saliksik, bunsod na rin ng global na hegemonya ng Ingles bilang wika ng siyensiya (Elnathan). Samakatwid, malaking hamon pa rin sa mga siyentistang Pilipino at mga komunikador ng siyensiya na unti-unting ilapit ang kanilang saliksik sa mga komunidad ng bansa sa pamamagitan ng paggamit ng mga wikang lokal (Navarrio at McKinnon).

## Pangkalahatang Puna Blg. 3 sa Scopus-sentrismo: Etsapuwera ang Mga Journal sa Filipino sa Listahan ng Scopus

Sa kasalukuyan, apat na journal pa lang (Humanities Diliman ng University of the Philippines; Kritike ng Department of Philosophy, University of Santo Tomas; Kritika Kultura ng Ateneo de Manila University Press; at Plaridel ng University of the Philippines) sa listahan ng Scopus ang tumatanggap ng artikulo sa Filipino (tingnan ang Talahanayan 3). Batay sa talahanayang nabanggit, 21 journals sa listahan ng Scopus ang mula sa Pilipinas. Samantala, batay rin sa database ng Scimago, 105 journals naman sa Scopus ang mula sa Malaysia, 69 mula sa Indonesia, at 62 mula sa Thailand. Dapat bigyang-diin na hindi monolingguwal sa Filipino ang mga journal na nasa Talahanayan 3 (kompara halimbawa sa Malay ng DLSU o ng Daluyan ng Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas, o ng Filipinolohiya ng Polytechnic University of the Philippines, o ng Hasaan ng Unibersidad ng Santo Tomas), at sa halip ay may polisiyang bilingguwal (tumatanggap din ng artikulo sa Filipino). Sa ganitong konteksto, ang Scopus-sentrismo ay awtomatikong institusyonalisasyon ng hegemonya ng Ingles bilang wika ng saliksik sa Pilipinas, at pagbibigay-priyoridad din sa mga suliranin at adyendang pampananaliksik ng mga dayuhang journal. Dahil sa kakulangan ng mga journal sa Filipino na nakalista sa Scopus at sa Scopus-sentrismo ng mga unibersidad, napipilitan ang mga mananaliksik sa Pilipinas na sumakay o makibagay sa mga problema at adyenda ng mga dayuhang journal para lamang makapaglathala sa mga journal na natala sa Scopus, bagay na malinaw na maaaring makapagsantabi na rin sa mga sariling problema at adyenda ng Pilipinas, o kaya'y humantong sa sitwasyong tinatalakay pa rin ng mga mananaliksik ang mga lokal na suliranin at realidad ngunit sa wikang hindi nauunawaan ng nakararaming Pilipino.

## Ilang Interesanteng Obserbasyon Hinggil sa Mga Bilingguwal na Journal na Naglalathala RIN sa Filipino na Nakalista sa Scopus

Ang pagsusuri para sa lekturang ito ay batay sa pagsipat ng mananaliksik sa website ng mga journal noong Mayo 13, 2021. Ingles ang subtitles ng mga journals *[Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities; Kritike: An Online Journal of Philosophy; Kritika Kultura: An open-access semi-annual peer-reviewed international electronic journal of literary, language, and cultural studies of the Department of English of the Ateneo de Manila University, Philippines; Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society]*. Ingles din ang halos lahat ng impormasyon sa home page ng mga journal.

Sa homepage ng alinman sa apat na journal, WALANG PAGBANGGIT sa malinaw na polisiya sa pagtanggap din mga artikulo sa Filipino. Kapag tiningnan na ang ibang seksiyon/tab sa website ay saka pa lang makikita ang nasabing polisiya.

Ang *Kritike* ay may pagbanggit sa malinaw na polisiya sa pagtanggap din ng mga artikulo sa Filipino sa Submissions tab; ang sa *Plaridel* at *Humanities Diliman* naman ay nasa Information for Authors. Samantala, walang pagbanggit sa polisiya ng pagtanggap din ng mga artikulo sa Filipino ang *Kritika Kultura*. Gayunman, kumpirmado na tumatanggap din ng artikulo sa Filipino ang *Kritika Kultura*, bagama't tila paisa-isa lang sa mga nakaraang taon (0 sa Issue No. 36; 0 sa Issue No. 35; 1 sa Issue No. 33/34; at 1 lang din sa Issue 30/31). Makabuluhan ang paggamit ng papel ito sa katagang RIN dahil nangangahulugan ito na sa pangkalahatan, English ang *subtle* na preperensiya ng mga journal na ito PERO tumatanggap DIN ng nakasulat sa Filipino.

Sa *Kritika Kultura*, Ingles na abstrak lang ang kalakip ng artikulong Filipino sa Issue No. 33/34 (2019/2020), habang may abstrak naman sa Filipino at English ang artikulong Filipino sa Issue No. 30 (2018). Sa *Humanities Diliman* at *Plaridel*, karaniwan namang walang abstrak sa Filipino ang mga artikulong nasa Ingles pero lahat ng artikulo sa Filipino ay may abstrak naman sa Filipino at sa Ingles). Sa *Kritike* naman, karaniwang walang abstrak sa Filipino kahit ang mga artikulong nasa Filipino, at lahat ng artikulo—Ingles man o Filipino—ay may abstrak lang sa Ingles).

Paisa-isa o padala-dalawa at minsan nga'y walang artikulo sa Filipino sa mga recent issue ng apat na journal na nabanggit. Masasabing para sa mga journal sa Pilipinas na bilingguwal (Ingles at Filipino) at monolingguwal (sa Filipino) na nag-aasam din na makabilang sa listahan ng Scopus, tila lohikal na epekto ng benchmarking sa apat na bilingguwal na journal na ito ang conscious na "internasyonalisasyon" (at/o

| Pangalan ng Journal | Publisher |
|---|---|
| 1. Acta Medica Philippina | University of the Philippines at Manila |
| 2. Asia Life Sciences | Asia Life Sciences |
| 3. Asia-Pacific Social Science Review | De La Salle University |
| 4. DLSU Business and Economics Review | De La Salle University |
| **5. Humanities Diliman** | **University of the Philippines** |
| 6. Journal of the International Society for Southeast Asian Agricultural Sciences | International Society for Southeast Asian Agricultural Sciences |
| 7. Journal of Environmental Science and Management | University of the Philippines at Los Baños |
| 8. Journal of the ASEAN Federation of Endocrine Societies | ASEAN Federation of Endocrine Societies (AFES) |
| **9. Kritike** | **Department of Philosophy, University of Santo Tomas** |
| **10. Kritika Kultura** | **Ateneo de Manila University Press** |
| 11. Mindanao Journal of Science and Technology | University of Science and Technology of Southern Philippines Press |
| 12. Philippine Statistician | Philippine Statistical Association |
| 13. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints | Ateneo de Manila University Press |
| 14. Phillippine Journal of Internal Medicine | Philippine College of Physicians |
| 15. Philippine Journal of Systematic Biology | Association of Systematic Biologists of the Philippine |
| 16. Philippine Journal of Veterinary Medicine | University of the Philippines |
| 17. Philippine Journal of Science | Department of Science and Technology |
| 18. Philippine Agricultural Scientist | University of the Philippines at Los Baños |
| 19. Philosophia (Philippines) | Philippine National Philosophical Research Society |
| **20. Plaridel** | **University of the Philippines** |
| 21. Western Pacific surveillance and response journal : WPSAR | World Health Organization Regional Office for the Western Pacific |

**Talahanayan 3.** Mga Journal na Inilalathala ng Entidad na Nasa Pilipinas, at Nakalista sa Scopus (Naka-Bold ang Tumatanggap ng Artikulo sa Filipino)

(Pinagkunan: Pagsusuri at pagkokompara ng awtor sa datos ng SCImago at downloadable na datos ng Scopus as of April 2021, sa website ng Elsevier. Sa listahan ng SCImago ay 27 ang nasa "Country Rank" ng Pilipinas. Gayunman, ang ilang journal na inilista ng SCImago ay "coverage discontinued in Scopus" na, as of this writing—gaya ng Philippine Journal of Nursing—o kaya naman ay hindi na mula sa Pilipinas ang opisyal na publisher, gaya halimbawa ng Philippine Political Science Journal na ang publisher ay Taylor & Francis, isang kompanyang UK-headquartered, sa database ng Scopus pero ang orihinal na rehistrasyon ng print issue ay sa Pilipinas, o ng Asia-Pacific Education Researcher na ang publisher ay Springer Nature, kompanyang UK-headquartered din, sa database ng Scopus pero ang orihinal na rehistrasyon ng print at online issue ay sa Pilipinas din. Bunsod nito, 21 lang ang inilagay sa listahan ng talahanayang binuo ng mananaliksik.*)*

kaya'y tahas na pagsasa-Ingles o pagkiling sa Ingles) ng website, lupon ng konsultant, at maging ng mga artikulong tatanggapin.

## Patuloy na Scopus-Sentrismo sa National Higher Education Research Agenda

Sa ganitong sitwasyon, natatanggalan ng kakaunti na ngang kapangyarihan at/o oportunidad na magparami at magpalalim ng kakayahan at karanasan ng mga sumisibol na mananaliksik sa Pilipinas na may potensiyal na maging lider-saliksik (*research leaders*) sa bansa at sa daigdig, kung sa simula pa lang ay laging priyoridad ang internasyonal na mata, internasyonal na konsultant, internasyonal na awtoridad, sukdulan sa puntong may mga journal na ang natitirang Pilipinong konsultant ay pawang nasa diaspora pa.

Sa patuloy na paghabol lamang sa pamantayan ng Scopus atbp. dayuhang corporate database, napapabayaan na ng mga Pilipinong mananaliksik ang kanilang tungkulin sa pagpapalawak, pagpapalalim, at pagkakawing-kawing sa tinatawag ni Guillermo (sa "Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino") na "nagsasariling komunidad pangkomunikasyon" sa mga disiplinang natural na nakaugat sa karanasan ng mga Pilipino. Sa paghabol sa pamantayan ng Scopus atbp. ay nakaliligtaan na ng mga mananaliksik na Pilipino, mga ahensiyang pang-edukasyon, at ng mga unibersidad ang orihinal na silbi natin sa lipunan (*social function*) bilang sulong tanglaw tungo sa kaliwanagan at kaginhawahan ng bayan (tingnan ang Article XIII, Section 5, 7, at 12; Article XIV, Section 10 at 12 ng Konstitusyon).

Gaya ng inaasahan sa konteksto ng sitwasyong neokolonyal ng Pilipinas, ang numero unong layunin na inilalahad sa NATIONAL HIGHER EDUCATION RESEARCH AGENDA/NHERA 2 (2009–2018) ay may kaugnayan sa kakayahang makipagkompetensiya sa ibang bansa: "generate knowledge towards international competitiveness." Gayunman, dapat bigyang diin ang pang-apat (at huling) na layunin na inilahad sa NHERA 2: "Promote and facilitate dissemination and utilization of research outputs." Imposible ang malawakang diseminasyon ng saliksik kung hindi gagamitin ang mga wikang sariling atin. Hindi pa inilalabas sa publiko ang sipi ng NHERA III (2019–2028) pero mababasa ang latest na opisyal na update mula sa Facebook page ng CHED Research Management Division (Mayo 2018) na nagpapahiwatig ng patuloy na pangingibabaw ng Scopus-sentrismo sa direksiyon ng saliksik sa bansa: "…we will have UP Diliman and De La Salle University, the top 2 universities in terms of research output in Scopus, join forces with CHED Research to craft NHERA III (2019–2028) and evaluate NHERA II. We will gather data (research agenda from different agencies and countries, bibliometrics, etc.) and incorporate all inputs gathered from CM1-CM4 to the document. UPD–DLSU tandem will also help develop NADIA, CHED's virtual robot powered by artificial intelligence. NADIA will be the benevolent guardian of NHERA III."

Bunsod ng ganitong institusyonalisasyon ng Ingles bilang dominante (kundi man tahas na *preferred*) na wika ng saliksik sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay-priyoridad sa mga journal na nakalista sa Scopus, awtomatikong etsapuwera (o kaya'y may dagdag-hadlang na kailangang daanan) ang mga mananaliksik na sa Filipino lang o mas sa Filipino nagsusulat. Higit na pinaglalaanan ng resorses ang saliksik na nakasulat sa Ingles, at mas malala, mga saliksik na sinulat HINDI para sa mga lokal na komunidad, kundi para sa mga komunidad ng mga dayuhan. Sa promosyon/pag-angat ng ranggo ng mga guro, may deklaradong preperensiya ang marami-raming paaralan para sa publikasyong "internasyonal" na karaniwa'y sinonimo na ng publikasyong nasa Ingles. Kaugnay ng pangatlong binanggit, hindi bihirang mapilitan ang mga guro ng/mananaliksik sa wikang Filipino, Araling Pilipinas/Araling Pilipino/Araling Filipino/Philippine Studies, Filipinolohiya, Kasaysayan ng Pilipinas, Panitikang Filipino/Panitikan ng Pilipinas, Araling Pangkomunidad, Araling Indiheno, at iba pang kaugnay na larangan—na kung sentido komun ang susundin ay dapat na mas sinasaliksik at/o sinusulat sa Filipino at iba pang wika ng Pilipinas—na magsulat na lang sa Ingles o mas magsulat sa Ingles.

Darating sa punto na mawawalan ng ekspertong mananaliksik sa Araling Pilipinas atbp. na bihasa pa ring magsulat sa Filipino. Darating din sa punto na mawawalan na ng Pilipinong ekspertong mananaliksik sa Araling Timog-silangang Asya/Southeast Asian Studies na bihasa ring magsulat sa Filipino (o sa simpleng salita, Ingles na ang magiging tanging wika ng Southeast Asian Studies sa Pilipinas; na hindi sana dapat mangyari). Kung magkagayon,

dahil sa pangkalahatan ay wikang lokal pa rin ang gagamitin sa pagtitipon ng datos sa bansa (dahil hindi naman Inglesero ang 99% ng mga Pilipino), MAS MAGIGING MAGASTOS at MABAGAL din ang saliksik sa Pilipinas at/o tungkol sa Pilipinas. Halimbawa, ang questionnaire o FGD questions ay isasalin muna sa Filipino at/o iba pang wikang lokal; pagkatapos, maaaring may interpreter pa sa aktuwal na pagsasagawa ng survey o FGD; at kailangan din ng gagawa at magsasalin ng transcript, atbp. Darating din sa punto na ang mismong kalahok sa saliksik (ang ordinaryong Pilipino) ay ni hindi mababasa at mapakikinabangan ang saliksik na tungkol sa kaniya/nagawa dahil sa kaniya o sa pamamagitan ng datos na mula sa kaniya.

### Pangkalahatang Puna Blg. 4 sa Scopus-sentrismo: Pagkunsinti sa Mapagsamantalang Sistema ng Produksiyon at Diseminasyon ng Saliksik

Sa pangkalahatan, mapagsamantala sa mga mananaliksik at mga unibersidad ang sistema ng produksiyon at diseminasyon ng saliksik na pinangingibabawan ng mga korporasyong halos lahat ay dambuhala at dayuhan gaya ng Scopus ng Elsevier. Sa ganitong sistema, libreng nakukuha ng maraming journals ang saliksik (minsan nga'y may *processing charge* pa o magbabayad ang awtor para iproseso ang kaniyang artikulo, bago ito iparebyu o kaya'y pagkatapos tanggapin sa journal), pero hindi laging libreng mababasa ng lahat. Halos wala ring bayad ang mga rebyuwer ng artikulo, at ang mga awtor (kahit pa nga ibinebenta ng halos per artikulo ang mga akda nila).

Isang halimbawang artikulo ("Arc and backarc geochemical signatures of the proto-Philippine Sea Plate: Insights from the petrography and geochemistry of the Samar Ophiolite volcanic section" nina Guotana, et al.)—ng mga Pilipino, tungkol sa Pilipinas—mula sa isang journal na inilalathala ng Elsevier at nakalista sa Scopus ang sisipatin sa papel na ito upang ilantad ang pagiging mapagsamantala ng namamayaning sistema. Walang datos sa funding ang nasabing saliksik pero ang ilang pagsusuri nito ay sa pasilidad ng premier state university isinagawa (83). Mayorya ng mga awtor ay mula sa UP System at nabigyan din sila ng International Publication Award ng UP—kalakip nito ang humigit-kumulang 100,000 piso, ayon sa impact factor ng journal na pinaglathalaan nila. Balintunang ang isang publikasyong masasabing government-/Filipino people-funded ay hindi basta-basta libreng maaakses ng publiko dahil sa sistema ng Elsevier. Nagkakahalaga ng $41.95 ang akses sa nasabing artikulo ("for academic use"). Maraming kritiko na ang naglantad sa ganitong mapagsamantalang sistema ng industriya ng akademikong lathalain na ang trabahador ay pawang mga gurong hindi halos binabayaran ng mga journal, pero ang kanilang mga artikulo ang nagpapasok ng limpak-limpak na salapi sa kaban ng mga korporasyong gaya ng Elsevier na muling ibinebenta ang saliksik sa mga unibersidad ng mga gurong nagprodyus mismo ng saliksik, sa pamamagitan

**RELX financial summary**

| REPORTED FIGURES<br>For the year ended 31 December | 2020<br>£m | 2019<br>£m | Change | Change at constant currencies | Change underlying |
|---|---|---|---|---|---|
| Revenue | **7,110** | 7,874 | -10% | -10% | -9% |
| Operating profit | **1,525** | 2,101 | -27% | | |
| Profit before tax | **1,483** | 1,847 | -20% | | |
| Net profit attributable to RELX PLC shareholders | **1,224** | 1,505 | -19% | | |
| Net margin | **17.2%** | 19.1% | | | |
| Net borrowings | **6,898** | 6,191 | | | |
| Reported earnings per share | **63.5p** | 77.4p | -18% | | |
| Ordinary dividend per RELX PLC share | **47.0p** | 45.7p | +3% | | |

Pig. 3. Tubò ng Shareholders ng RELX (Mother Company ng Elsevier) Noong 2020

(Pinagkunan: RELX, 2.)

ng paniningil ng subscription fees (Buranyi; Fox). Inilahad sa datos ng MIT Libraries ang laki ng tubò ng mga korporasyon sa ganitong sistema: "Elsevier is one of the largest publisher of scholarly journals in the world, publishing more than 2,600 titles. Other large publishers are Taylor & Francis, Springer, and Wiley. RELX, the parent company of Elsevier, had revenues of US $9.8 billion in 2019. (Elsevier's profits account for about 34% of RELX's total profits.) By contrast, Informa, Taylor & Francis' parent company, had revenues of US $3.6 billion in 2019. RELX reports its profit margins at 31.3% for 2018." Kahit sa panahon ng pandemya ay patuloy na nagkamal ng tubo ang mother company ng Elsevier. Nagpamudmod ito ng 1.224 bilyong £ (82.4 bilyong piso) sa mga shareholder nito noong 2020 (Pig.3).

Noong Marso 2021, ni-renew ng DOST ng Pilipinas ang "journal access subscription" sa Elsevier ("DOST renews journal access subscription with Elsevier."). Walang publikong dokumentong nasipat tungkol sa gastos ng gobyerno kaugnay ng subscription na ito, kaya't minabuti ng mananaliksik na kunin ang datos sa pamamagitan ng pag-file ng isang publikong FOI request noong Mayo 15, 2021. Sa simula ay hindi ito binigyan ng positibong tugon ng FOI officer kaya umapela ang mananaliksik sa awtoridad ng DOST sa pamamagitan ng prosesong nakalahad din sa tugon ng FOI officer. Nakatanggap ng liham mula sa DOST ang mananaliksik, sa pamamagitan ng email noong Mayo 29, 2021. Laman ng nasabing liham ang datos (Talahanayan 4) na unang hiningi sa pamamagitan ng publikong FOI request na mababasa rin sa website ng FOI Philippines. Ayon sa nasabing liham na nilagdaan ni G. Alan C. Taule, "The DOST-PCIEERD started subscribing Journal subscription from Elsevier and other similar companies only in 2018...The grand total cost of **DOST's Journal Subscription from 2018 to 2021 is $1,008,385.00.**"

Ang mga institusyong Norwegian ay nagbayad ng kabuuang "$9 million in subscription fees" sa Elsevier noong 2018 (McKenzie). Bago kinansela ng University of California ang subscription sa Elsevier, US$11 million kada taon ang binabayaran nilang subscription fees (Gaind). Ayon sa survey ng Korea University & College Library Association, $33 million ang kabuuang taunang bayad sa Elsevier ng kanilang mga miyembro, para sa akses sa ScienceDirect (Normile). Ilan sa mga bansang nagkansela na ng subscription sa Elsevier dahil sa isyu ng mahal na subscription: Germany, Sweden, Hungary, Norway (Qureshi). Sa saliksik ni Neylon, ipinakita na malaki ang matitipid sa pagkansela ng journal subscriptions, na sasapat para sa pagtransisyon sa Open Access (Neylon).

Sa pangkalahatan, sa Pilipinas, ang gastos sa saliksik ay karaniwang "sinasagot" ng mga unibersidad at ng mga guro mismo. Ang gastos sa pagtitipon ng datos (oras na ginugugol sa paghanap ng kaugnay na literatura, pag-iinterbiyu, atbp.) ay karaniwang "sagot"

| | |
|---|---|
| **For 2018 subscription (January 1, 2018–December 31, 2018)** | |
| SciVal | $ 4 0,000.00 |
| Science Direct | $ 215,655.00 |
| Scopus | $ 5 8,345.00 |
| **Total:** | **$ 314,000.00** |
| **For 2019–2020 Subscription (Oct 1, 2019–Sept. 30, 2020)** | |
| Scopus: | $ 63,596 |
| Elsevier: | $ 235,064.00 |
| **Total:** | **$ 298,660.00 (Php 15,629,325.79)** |
| **For 2020–2021 (October 1, 2020–December 31, 2021)** | |
| Scopus: | $ 84,265.00 |
| Elsevier: | $ 311,460.00 |
| **Total:** | **$ 395,725.00 (Php 19,182,796.38)** |

**Talahanayan 4.** Gastos ng Gobyerno ng Pilipinas sa Subscription sa SciVal, Science Direct, at Scopus (2018–2021)

ng awtor at ng kaniyang unibersidad. Ang puhunan sa pagrerebyu ng artikulo (oras na ginugugol ng mga lupon ng editor at mga rebyuwer sa pagrerebyu) naman ay sagot ng pangasiwaan ng journal at ng mga rebyuwer (bihirang-bihira ang sitwasyong may bayad ang rebyuwer at suweldo ang mga editor; labor of love ito; kahit nga may kaunting honorarium sa pagrerebyu sa ilang journal, labor of love pa rin dahil mabigat din ang trabaho ng pagrerebyu). May gastos din sa paglalathala ng artikulo (oras sa copyediting at paghahanda ng layout; gastos sa pagmamantini ng website; at, para sa may print editions, gastos sa imprenta).

Dahil "sinagot" na ng awtor, unibersidad, propesyonal na organisasyon, lupon ng mga editor, rebyuwer, copyeditors, at layout artists ang trabaho, gastos, at puhunan, karaniwang libreng mababasa o open access ang mga journal sa Pilipinas (lalo na ang mga nakasulat sa Filipino; liban para sa print issues na karaniwang by subscription). Sa konteksto ng malaking gastos sa subscription sa mga korporasyong gaya ng Elsevier, mas matipid pa nga kahit gastusan/bayaran pa ang trabahong sinagot ng mga awtor, unibersidad, atbp., gaya ng pinatunayan na sa saliksik ni Neylon.

### Pangkalahatang Puna Blg. 5 sa Scopus-sentrismo: Publikasyong Predatory, Hindi Ganap na Nasasala

Sa madaling sabi ay may mga publikasyong nakalulusot kahit di dapat makalusot sa listahan ng Scopus. Ayon kina Macháček & Srholec (1), "(u) sing the names of "potential, possible, or probable" predatory journals and publishers on Beall's lists, we derived the ISSNs of 3,293 journals from Ulrichsweb and searched Scopus with them. 324 of journals that appear both in Beall's lists and Scopus with 164 thousand articles published over 2015–2017 were identified."

### Bakit Dapat Patuloy na Manaliksik sa Filipino ang mga Pilipino?

Sa konteksto ng mga naunang talakay, binibigyang diin ng papel na ito ang 8 dahilan kung bakit dapat pa ring magsulat sa Filipino ang mga mananaliksik na Pilipino, bilang pangontra sa daluyong ng Scopus-sentrismo. Unang punto, Filipino ang wika ng mga Pilipino. Ikalawang punto, Filipino ang wikang mabisa sa sosyo-politikal na mobilisasyon ng mga Pilipino. Sabi nga ni Karl Marx, "Ipinaliliwanag lamang sa iba't ibang paraan ng mga pilosopo ang daigdig; ang punto ay baguhin ito." Sa pamamagitan ng paggamit ng wika ng bayan sa saliksik, nakapag-aambag din sa pagbabago ng lipunan ang mga intelektuwal, kahit paano dahil ang paggamit ng wikang sarili sa saliksik ay "mahalagang dimensiyon ng anumang mas malawak at mas malapad na pagsisikhay na baguhin at/o impluwensiyahan ang publikong diskurso sa minimum, at suhayan ang mga kilusang panlipunan na naghahangad ng pangmatagalan at makabuluhang pagbabago tungo sa mas makatarungan, mas mapayapa, mas maunlad, at mas demokratikong lipunan, sa abot ng makakaya..." (San Juan).

Ikatlong punto, palalawakin, pararamihin, at palalalimin ng pagsusulat sa Filipino ang mga saliksik sa Pilipinas (Guillermo). Ang mga karehiyong mananaliksik sa Indonesia, Malaysia, Thailand, Vietnam ay may likas na bentahe bilang mga bilingguwal na nananaliksik sa wikang sarili at wikang Ingles di gaya ng karamihan sa mga mananaliksik sa Pilipinas na marunong ngang magsulat sa Ingles ay halos di naman makapagsulat o talagang di nga kayang magsulat ng pananaliksik sa Filipino (lalo pa sa iba pang wikang lokal). Ikaapat na punto, mas may impact sa mga Pilipinong mambabasa at mas binabasa ng mga Pilipino ang mga saliksik sa Filipino (Demeterio at Felicilda; Pig. 4).

Ikalimang punto, OBLIGASYON ng mga mananaliksik na Pilipino na magbalik-serbisyo kahit paano sa pamamagitan ng pananaliksik man lamang, SA SAMBAYANAN na nagbayad ng buwis para mapagtapos ang marami-rami sa kanila nang halos libre at/o may scholarship sa maraming publikong unibersidad, at na nagbayad din ng buwis para sa mga milyon-milyong piso ng direkta at indirektang grant ng gobyerno sa mga pribadong unibersidad (mula sa mga grant sa saliksik hanggang sa voucher system at Tertiary Education Subsidy/TES). Sa madaling sabi'y PAGTANAW NG UTANG NA LOOB sa sambayanan ang pagsusulat sa wika ng bayan**.** Ikaanim na punto, ang pagsusulat sa wikang pambansa ay pag-aambag sa pagpapalakas ng wikang pambansa na isa sa mahalagang sangkap sa kohesyong panlipunan (*social cohesion*), lalo na sa konteksto ng ating bansang multikultural, multilingguwal, at neokolonyal.

Ikapitong punto, ang karamihan ng datos na

ejournals.ph/rankings.php

| Rank | Journal Name | Publisher | Total Visits |
|---|---|---|---|
| 1 | MALAY | De La Salle University | 8,834,328 |
| 2 | Ani: Letran Calamba Research Report | Colegio de San Juan de Letran - Calamba | 2,679,679 |
| 3 | The Journal of History | Philippine National Historical Society | 2,029,351 |
| 4 | The Asia-Pacific Education Researcher | De La Salle University | 1,206,096 |
| 5 | DLSU Business & Economics Review | De La Salle University | 1,140,974 |
| 6 | Philippine Journal of Psychology | Psychological Association of the Philippines | 1,113,036 |
| 7 | JPAIR Multidisciplinary Research Journal | Philippine Association of Institutions for Research | 1,093,801 |
| 8 | International Rice Research Notes | International Rice Research Institute | 1,088,992 |
| 9 | Asia-Pacific Social Science Review | De La Salle University | 1,063,811 |
| 10 | Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research | Lyceum of the Philippines University - Batangas | 994,520 |

Pig. 4. 10 Pinakabinabasang Journal sa Ejournals.PH

tinitipon sa mga komunidad sa bansa ay nasa wikang sarili, kaya nararapat lamang na "IBALIK" din ang datos sa porma ng saliksik na nakasulat din sa mga wikang sarili—sa pinakaminimum, sa Filipino. Ikawalong punto, ang halos lahat ng mga journal na nasa Filipino at mga journal na bilingguwal na tumatanggap din ng mga artikulong Filipino ay pawang open access o bukas para sa lahat ng mambabasa, libre, walang bayad basahin, kaya higit na nakapag-aambag sa pagpapalaganap ng kaalaman, atbp., di gaya ng maraming journal sa wikang dayuhan na may bayad ang pag-akses. Sa diwa ng lahat ng natalakay, nararapat lamang na unti-unting basagin ang pamamayani ng maka-Ingles na Scopus-sentrismo ng mga unibersidad at ahensiyang pang-edukasyon at pampananaliksik sa bansa sa pamamagitan ng patuloy na pagsusulat sa wikang sarili, nakalista man o hindi sa Scopus.

## Pangwakas: Pagkonsidera sa Progresibong Posibilidad ng Scopus-sentrismo

Sa pangkalahatan, aminado ang mananaliksik na malabo sa short-term ang biglaang pagbabagong-isip (*paradigm shift*) ng mga nagbabalangkas ng polisiyang pang-edukasyon sa loob at labas ng mga unibersidad. Samakatwid, sa halip na lubusang pagtatakwil sa Scopus-sentrismo, ipinapanukala rin ng may-akda ang pagtahak sa panggitnang landas (*third way*) na nagkokonsidera sa progresibong posibilidad ng Scopus-sentrismo, sa sangandaan ng mabilisang paglelevel-up ng wikang pambansa alinsunod sa pamantayan ng "global competitiveness" at ng seryosong pagsasabalikat sa proyekto ng makabayan at makamasang saliksik na nakasulat sa wika ng bayan. Noon pa'y malinaw na ang pangingibabaw ng English bilang wika ng saliksik (at ng akademya, lalo na sa higher education) sa Pilipinas, dahil na rin sa bisa ng kolonyal—at ngayon nga'y neokolonyal—na patakarang pangwika. Malaking hamon, kung gayon, para sa mga tagapagtaguyod ng wikang Filipino at ng mga journal na naglalathala sa Filipino, na subuking samantalahin ang anumang potensiyal ng Scopus-sentrismo para unti-unting mapatampok din at kilalanin ng mga ahensiyang pang-edukasyon at mga unibersidad ang mga saliksik sa wikang sariling atin.

Isang kongkretong hakbang na maaaring isabalikat ng mga journal sa Filipino ang panimulang benchmarking (at kung maaari nga'y mentoring ng huli sa una) sa mga journal sa Pilipinas na Scopus-listed na. Ang ganitong benchmarking ay maaaring humalaw sa karanasan ng Thailand sa pagbubuo ng pambansang citation index (https://tci-thailand.org/eng/) na ang panukatan sa impact ng saliksik ay nakabatay sa mga panukatan ng mga internasyonal na database. Kaugnay nito, kapuri-puri rin ang inisyatibang Andrew Gonzalez Philippine Citation Index (AGPCI) ang pinakamalawak na "journal indexing and citation database" para sa mga journal sa Piliipinas (http://agpci.dlsu.edu.ph/home) na pinasimulan ng De La Salle University. Ang mga ganitong proyektong pangunahing nakatuon sa internal na pagpapalakas ng

kalidad ng saliksik sa loob ng bansa ay makatutulong para tiyakin na nagagabayan at hakbang-hakbang na naititimon ang mga lokal na journal papunta sa mas mataas na pamantayang global, sa pamamagitan ng pagpapatampok sa mga lokal na journal na tumatayong taliba o vanguard at modelo sa kalibre at kalidad. Sa ganitong diwa, makatutulong din ang mga ganitong proyekto sa pagpapatibay ng "nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino" (Guillermo) na nagtataguyod at nagpapabulas sa pambansa at inter-rehiyonal na diskurso at talakayan na pawang nakatuon sa mga suliranin, interes, realidad, at konteksto ng mga komunidad ng mga Pilipino sa loob at labas ng Pilipinas.

Totoong mataas ang pamantayan ng Scopus kaugnay ng kalidad ng mga artikulo, kalidad ng mga editor at rebyuwer, regular na paglabas ng journal sa takdang oras, at iba pa, ngunit posible namang maabot ang mga ito gaya ng pinatutunayan ng mga journal sa Pilipinas na nakatawid na sa pampang ng Scopus o kaya'y nakaabot na sa pamantayan ng AGPCI, ASEAN Citation Index at iba pang kahawig na nasyonal at rehiyonal na mga database. Ang kalidad ng mga artikulong isinusumite ay madaling maremedyuhan sa pamamagitan ng mga regular na journal writeshop at partnership ng mga unibersidad na may graduate program at mga propesyonal na organisasyong naglalathala rin ng mga journal. Samantala, ang kalidad naman ng mga editor at rebyuwer ay mapatataas sa pamamagitan ng pagpapalawak ng network ng mga journal sa loob at labas ng Pilipinas. Makatutulong dito ang pagkakaroon ng lokal na consortium o organisasyon ng mga journal na naglalathala sa Filipino, gayundin ang pakikipag-ugnayan sa mga intelektuwal at propesor na Pilipino sa mga dayuhang unibersidad na pawang may mga mahahabang karanasan na at internasyonal na prestihiyo rin.

Samantala, ang regular na paglabas ng mga isyu ay maaaring matiyak kung magkakaroon ng dedicated support personnel (mga empleyadong nakatutok lamang sa pagpapatakbo ng journal), bukod pa sa editorial board na karaniwa'y binubuo ng mga full-time na propesor na pawang abala rin sa kani-kanilang institusyon. Para sa mga journal na pinatatakbo ng mga unibersidad, inirerekomenda ang pagbibigay ng deloading sa mga guro na may journal assigment bilang editor. Malaki ang maitutulong ng CHED at iba pang pambansang ahensiyang gaya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng grant sa mga journal na ito para sa pag-e-employ ng support personnel. Maaari ring ikonsidera ng CHED ang paglalaan ng grants na maaaring gamitin naman sa pagbibigay ng kaunting insentibong pinansiyal sa mga rebyuwer ng journal. Kung makapaglalaan lamang ng sapat na pondo ang CHED at iba pang ahensiya para rito, tiyak na mapabibilis ang pag-angat at pagtaas ng kalidad ng mga journal sa Filipino, at madaling mapararami rin ang mga lokal na journal na nakatala sa Scopus. Para maisakatuparan ito, kailangang obligahin ang pambansang gobyerno na taasan ang badyet para sa Research & Development (R&D), palapit sa badyet sa R&D ng mga rehiyonal na powerhouse sa saliksik gaya ng Singapore. Malaki pa ang hahabulin ng Pilipinas sa pangunahing salik na ito, sapagkat batay sa datos ng World Bank[1], katumbas ng halos 2% ng GDP ng Singapore ang inilalaan nila sa R&D, habang 0.2% lamang ng GDP ang sa Pilipinas.

Upang epektibong makatulong ang mga unibersidad sa matalino at episyenteng paggamit ng mas malaki sanang publikong pondo para sa R&D, maaaring ikonsidera ng mga nangungunang unibersidad sa bawat rehiyon ng bansa ang pagsasabalikat sa transisyon tungong pagiging research university na nagtataguyod din sa paggamit ng wikang sarili sa saliksik at nagsasaalang-alang sa mga lokal at pambansang adyenda sa saliksik, sa pamamagitan ng alinmang modelong akma sa kani-kanilang konteksto (Demeterio at Felicilda 17–19). Sa pamamagitan ng ganitong transisyon, maaaring unti-unti na ring lumakas ang kakayahan at kompiyansa ng mga lokal na unibersidad sa paggawa ng mga sariling pamantayan sa saliksik na nag-aambag sa pagpapabuti ng buhay ng mga komunidad sa bansa at lipunan, at malaya sa kontrol ng mga korporasyong nakasentro lamang sa pribadong tubò.

1 https://data.worldbank.org/indicator/GB.XPD.RSDV.GD.ZS?locations=PH-SG

## SANGGUNIAN


Buranyi, S. (2017, June 27). Is the staggeringly profitable business of scientific publishing bad for science?. https://www.theguardian.com/science/2017/jun/27/profitable-business-scientific-publishing-bad-for-science

Carpenter, Christopher R. et al. (2014). Using Publication Metrics to Highlight Academic Productivity and Research Impact. *Academic Emergency Medicine* 21, pp. 1160–1172. https://onlinelibrary.wiley.com/doi/full/10.1111/acem.12482

Commission on Higher Education. (2018). Memorandum Re: REVISION AND ASSESSMENT OF THE NATIONAL HIGHER EDUCATION RESEARCH AGENDA II (NHERA (2009-2018). https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2018/03/CHED-Memo-Re.Temporary-Suspension-of-SPPIC-and-Republica.pdf

______. 2013. CMO No. 23, S. of 2013. https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/CMO-No.-23-s2013.pdf

Curry, M.J. & Lillis, T. (2018). The Dangers of English as Lingua Franca of Journals. https://www.insidehighered.com/views/2018/03/13/domination-english-language-journal-publishing-hurting-scholarship-many-countries

De La Salle University. (n.d.). How can we boost Philippine research? https://www.timeshighereducation.com/hub/p/how-can-we-boost-philippine-research

De La Salle University-Dasmariñas. (2021). University Research Agenda. https://www.dlsud.edu.ph/research/institutional.htm

Demeterio, Feorillo Petronilo at Joshua Mariz Felicilda. (2015). Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik at Internasyonalisasyong Akademiko. *Malay 28* (1): pp. 11–25. https://ejournals.ph/article.php?id=8086

Navarro, Kamila at Merryn McKinnon. (2020). Challenges of communicating science: perspectives from the Philippines. *Journal of Science Communication 19* (1). https://jcom.sissa.it/archive/19/01/JCOM_1901_2020_A03

Elnathan, Roey. (2021). English is the language of science — but precision is tough as a non-native speaker. https://www.nature.com/articles/d41586-021-00899-y

Elsevier. (2021a, April 8). What is Scopus about?. https://service.elsevier.com/app/answers/detail/a_id/15100/supporthub/scopus/n/1GbFFVVjJGOW9WTnEyaDVoSlhZaVpIZjZxbjRpSm5YTjlPZ0tyTUdqN0lBMHh3bHNHVzR1RHNaZ1NDaCU3RWdyQzd0MWNEaFh4Tk4wJTdFZHc0cUowcVNKVTVXUDdvMzh6elpUaGFuZ2ZiNGduWFd6SjhEY0ZVbEZRJTIxJTIx/

______. (2021b). Content Policy and Selection. https://www.elsevier.com/solutions/scopus/how-scopus-works/content/content-policy-and-selection

______. (2021c). Sources. https://www.scopus.com/sources.uri

______. (2021d). How Scopus Works. https://www.elsevier.com/solutions/scopus/how-scopus-works/content

______. (2021e). DOST renews journal access subscription with Elsevier. https://www.elsevier.com/about/press-releases/corporate/philippines-department-of-science-and-technology-renews-journal-access-subscription-with-elsevier

______. (2021f). Subscription price list for librarians and agents. https://www.elsevier.com/books-and-journals/journal-pricing/print-price-list

Erfanmanesh, M., Tahira, M. & Abrizah, A. (2017). The Publication Success of 102 Nations in Scopus and the Performance of Their Scopus-Indexed Journals. *Publishing Research Quarterly 33*, pp. 421–432. https://doi.org/10.1007/s12109-017-9540-5

Ethnologue. (2021). What are the top 200 most spoken languages? https://www.ethnologue.com/guides/ethnologue200

Fox, J. (2020, June 30). Covid-19 Shows That Scientific Journals Need to Open Up. https://www.bloomberg.com/opinion/articles/2020-06-30/covid-19-shows-scientific-journals-like-elsevier-need-to-open-up

Gaind, N. (2019). Huge US university cancels subscription with Elsevier. https://www.nature.com/articles/d41586-019-00758-x

Guillermo, R. (2016). Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino. *Social Science Diliman 12* (1). https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/article/view/5231

______. (2000). ANG lSI AT ANG ALAMAT NG INTERNASYONAL NA KOMUNIDAD NG MGA SYENTISTA. *Asian Studies 36* (2), 133–552.

Macháček, V., Srholec, M. Predatory publishing in Scopus: evidence on cross-country differences. *Scientometrics 126*, 1897–1921 (2021). https://doi.org/10.1007/s11192-020-03852-4

Marx, K. (2002). Theses On Feuerbach https://www.marxists.org/archive/marx/works/1845/theses/theses.htm

McKenzie, L. (2019, March 13). Norwegian Universities Ditch Elsevier. https://www.insidehighered.com/quicktakes/2019/03/13/norwegian-universities-ditch-elsevier

MIT Libraries. (n.d.). Elsevier Fact Sheet. https://libraries.mit.edu/scholarly/publishing/elsevier-fact-sheet/#:~:text=RELX%2C%20the%20parent%20company%20of,margins%20at%2031.3%25%20for%202018.

Moskaleva, O. & Akoev, M. (n.d.). Non-English language publications in Citation Indexes – quantity and quality. https://arxiv.org/ftp/arxiv/papers/1907/1907.06499.pdf

National Academy of Science and Technology. (n.d.) DOST INTERNATIONAL PUBLICATION AWARD.

https://www.nast.ph/index.php/about-nast/functions/recognition?id=477

National Research Council of the Philippines. 2020. RESEARCH COUNCIL LAUNCHES NEW FINANCIAL GRANTS FOR MEMBERS. https://nrcp.dost.gov.ph/latest-news/653-research-council-launches-new-financial-grants-for-members

Neylon, C. (2014). Let Elsevier Go: The potential savings from cancelling journal subscriptions would cover the Open Access transition. https://blogs.lse.ac.uk/impactofsocialsciences/2014/11/26/let-it-go-cancelling-subscriptions-funding-transitions/

Normile, D. (2018, January 15). South Korean universities reach agreement with Elsevier after long standoff https://www.sciencemag.org/news/2018/01/south-korean-universities-reach-agreement-elsevier-after-long-standoff

Office of the President. (2019). UNIVERSITY SCHOLARLY PUBLICATION AWARDS: POLICIES AND GUIDELINES (2019). *Ateneo de Manila University.* https://www.ateneo.edu/sites/default/files/University%20Scholarly%20Publication%20Awards%202019.pdf

Office of the Vice President for Research, Development and Extension. (n.d). Operations Manual. https://batstate-u.edu.ph/sites/files/transparency_seal/operations_manual/vprde_rd_operations_manual_part2.pdf

______________________________________________ ______________. (n.d.). REVISED GUIDELINES ON BATSTATEU SUPPORT AND INCENTIVE FOR PUBLICATION OF RESEARCH PAPERS. https://batstate-u.edu.ph/sites/files/transparency_seal/operations_manual/vprde_guidelines_support_publication.pdf

Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development. (n.d.). DOST-PCAARRD Publication Incentives Program. http://www.pcaarrd.dost.gov.ph/home/portal/index.php/bids-and-awards-committee-section/scholarships/2055-publication-incentives-program-brochure-as-of-dec/file

QS Quacquarelli Symonds Limited. (2021). QS World University Rankings – Methodology. https://www.topuniversities.com/qs-world-university-rankings/methodology

Qureshi, F. (2019, March 19). Norway joins the ranks of Germany and Sweden, cancels subscription with Elsevier. https://www.editage.com/insights/norway-joins-the-ranks-of-germany-and-sweden-cancels-subscription-with-elsevier

RELX. (2020). Annual Report and Financial Statements 2020. https://www.relx.com/~/media/Files/R/RELX-Group/documents/reports/annual-reports/2020-annual-report.pdf

Research Management Office. (2020). University Journal Publication Manual. *Bulacan State University.* https://www.bulsu.edu.ph/announcements/files/ujpm.pdf

Research Management Office. (n.d.). Objectives. *Polytechnic University of the Philippines.* https://www.pup.edu.ph/research/rmo/objectives

Saloma, Caesar. (2016). Measuring the Performance of the Philippine Scientific Enterprise System. *Public Policy* Vol. XV No. 2, pp. 122–161. https://cids.up.edu.ph/wp-content/uploads/Measuring-the-Performance-of-the-Philippine-Scientific-Enterprise-System-vol.15-no.2-2016-2.pdf

San Juan, D.M.M. (2016). Bigwas sa Neoliberalismo, Alternatibo sa Kapitalismo: Adbokasing Pangwika at Sosyalistang Programa sa Nobelang Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino 22* (1-2), 67–102. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/5742

______. (2017). Debunking PH language myths. *Inquirer.* https://opinion.inquirer.net/77526/debunking-ph-language-myths

______. (2020a). Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/ TANGGOL WIKA: Internal na Kwento, Mga Susing Argumento at Dokumento (2014-2017). Sa: *Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunang Pilipino.* UP-Diliman-Sentro ng Wikang Filipino. https://swfupdiliman.org/download/suri-saliksik-sanaysay-david-san-juan/

______. (2020b). Legislating National Language Courses: Building the Case and the Coalition for Filipino as a Required Subject in Philippine Colleges and Universities. https://www.researchgate.net/publication/342403030_Legislating_National_Language_Courses_Building_the_Case_and_the_Coalition_for_Filipino_as_a_Required_Subject_in_Philippine_Colleges_and_Universities

______. (2020c). Panimulang Pagsipat sa Mga Modelong Tugon sa Krisis na Dulot ng COVID-19: Perspektibang Sosyalista sa Mass Testing at Nasyonalisasyon. *Kawing 4* (2), 1–41. https://psllf.org/kawing-4-2/

______. (2021). Proposed Senate Bill 2021-1 (Tax Reform Act for the Masses and the Middle Class/TRAMM). https://dmmsanjuan.com/2021/04/06/proposed-senate-bill-2021-1-tax-reform-act-for-the-masses-and-the-middle-class-tramm/

SCImago. (2020). Scimago Journal & Country Rank. https://www.scimagojr.com/journalrank.php?country=PH

"Science Foundation Publication Incentives for AY 2018-2019." (n.d.). *De La Salle University.* https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/vcri/research-manual/science-foundation/Categories-for-Science-Foundation-Journal-Publication-Incentives.pdf

Testa, J. (2003). The Thomson ISI Journal Selection Process. *Serials Review 29* (3), pp.210–212. https://doi.org/10.1016/S0098-7913(03)00063-7

Times Higher Education. (2019). THE World University Rankings 2020: methodology. https://www.timeshighereducation.com/world-university-rankings/world-university-rankings-2020-methodology

______. (n.d.). https://www.timeshighereducation.com/hub/p/how-can-we-boost-philippine-research

"UST recognizes research achievements of faculty." (n.d.). *University of Santo Tomas.* https://www.ust.edu.ph/ust-recognizes-research-achievements-of-faculty/

Universitas Negeri Yogyakarta. (2015). *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* Volume 3, No. 3. http://staffnew.uny.ac.id/upload/197707102009122002/penelitian/revisi-apjmr-vol-3-no-3-preliminaries.pdf

University of the Philippines-Diliman. (2020). International Publication Award. https://upd.edu.ph/research/international-publication-award-2/?cli_action=1620885876.718

van Weijen, D. (2012). The Language of (Future) Scientific Communication. *Research Trends 31.* https://www.researchtrends.com/issue-31-november-2012/the-language-of-future-scientific-communication/

Vera-Baceta, MA., Thelwall, M. & Kousha, K. (2019). Web of Science and Scopus language coverage. *Scientometrics 121*, 1803–1813. https://doi.org/10.1007/s11192-019-03264-z

(Footnotes)

1 Ang lahat ng datos sa halaga ay mula sa publicly-accessible na website, liban sa datos para sa UST na walang publicly-available information kaya ibinatay sa sinabi ng isang impormanteng full-time faculty ng nasabing institusyon, na ayaw magpakilala.